

My Love for the Savior Is My “Why”

By Elder Ricardo P. Giménez
Of the Seventy

Ang Pagmamahal Ko sa Tagapagligtas ang Aking “Dahilan”

Ni Elder Ricardo P. Giménez
Ng Pitumpu

April 2025 general conference

I love our Savior. This is the real and most powerful reason why I do what I do.

Have you ever noticed that our dear prophet, President Russell M. Nelson, continuously extends invitations to us? Not surprisingly, he has invited us to study and ponder the messages shared at the last two conferences. In April 2024, he said, “I hope you will repeatedly study the messages of this conference throughout the coming months.” Then, in October 2024, he said: “I urge you to study [the speakers’] messages. Use them as a litmus test of what is true and what is not during the next six months.”

These invitations can be added to prophetic invitations we have received throughout our lifetimes, including and especially those we have received in recent years. We may feel or think these invitations are another thing we need to add to our to-do lists, simply because we were invited or asked to do it. But could there be more to it?

Pondering over this and all the invitations we had received, I recalled something that I learned and decided long ago. I am trying to do these things which are essential to me because I love Him; I love our Savior. This is the real and most powerful reason why I do what I do, and then connected with this is my love for you, my fellow brothers and sisters.

As your brother, I hope you will consider my

Mahal ko ang ating Tagapagligtas. Ito ang tunay at pinakamalaking dahilan kaya ko ginagawa ang ginagawa ko.

Napansin na ba ninyo na ang ating mahal na propetang si Pangulong Russell M. Nelson ay patuloy tayong inaanyayahan? Hindi nakakagulat na inanyayahan niya tayong pag-aralan at pagnilayan ang mga mensaheng ibinahagi sa huling dalawang kumperensya. Noong Abril 2024, sinabi niya, “Nawa’y paulit-ulit ninyong pag-aralan ang mga mensahe ng kumperensyang ito sa mga susunod na buwan.” At, noong Oktubre 2024, sinabi niya, “Hinihikayat ko kayo na pag-aralan ang mga mensahe [ng mga tagapagsalita]. Gamitin ang mga ito bilang litmus test sa kung ano ang totoo, at hindi totoo, sa susunod na anim na buwan.”

Ang mga paanyayang ito ay maaaring idagdag sa mga paanyaya ng propeta na ating natanggap sa buong buhay natin, pati na at lalo na sa natanggap natin nitong mga nakaraang taon. Maaaring pakiramdam o iniisip natin na ang mga paanyayang ito ay isa pang bagay na kailangan nating idagdag sa ating listahan ng mga gagawin, dahil inanyayahan o hinilingan tayong gawin iyon. Ngunit may iba pa kayang dahilan?

Sa pagninilay tungkol dito at sa lahat ng paanyayang natanggap natin, naalala ko ang isang bagay na matagal ko nang natutuhan at napagpasyahan. Sinisikap kong gawin ang mga bagay na ito na mahalaga sa akin dahil mahal ko Siya; mahal ko ang ating Tagapagligtas. Ito ang tunay at pinakamalaking dahilan kaya ko ginagawa ang ginagawa ko, at konektado rito ang pagmamahal ko sa inyo, na kapwa ko mga kapatid.

Bilang inyong kapatid, sana’y ituring ninyo

words as a sincere invitation to seek to understand the opportunity to link everything we do with our love for the Savior.

Doing this will help us understand the real “why” behind everything we do as disciples of the Savior. This will help us strengthen our covenantal connection with God, understanding His divine and eternal truths—His eternal and absolute truths that will never change. Eternal truths like “For God so loved the world, that he gave his only begotten Son, that whosoever believeth in him should not perish, but have everlasting life.”

It is interesting that sometimes because we have consistently done things to the point that they have turned into traditions, we allow these traditions or activities to dictate our efforts to build faith in Jesus Christ. It seems that we do these things because we have done them for many years, without considering their impact on our covenantal connection with the Savior.

In our world, we usually focus on what we do and on consistently accomplishing tasks and goals. In a spiritual sphere, we have the opportunity to go beyond just doing things or achieving goals by understanding why we are doing them. If we can understand and connect that the reason behind our actions relates to our love for the Savior and our Heavenly Father, by taking advantage of these opportunities we will understand that even though doing righteous things like having Church activities or traditions and appropriately doing them is a good thing, when we connect them with the “why,” we will be blessed to understand the reason. It won’t be just doing good things or doing them right; we will also get them right.

For example, when you set a goal to read the scriptures, offer sincere prayers, or prepare an activity for your family or ward, is the real goal simply to accomplish these tasks? Or are these actions the means, the tools at your disposal,

ang mga salita ko bilang taos na paanyaya na hangaring maunawaan ang oportunidad na iugnay ang lahat ng ginagawa natin sa pagmamahal natin sa Tagapagligtas.

Makakatulong ito sa atin na maunawaan ang tunay na “dahilan” sa lahat ng ginagawa natin bilang mga disipulo ng Tagapagligtas. Makakatulong ito sa atin na mapatatag ang ating koneksyon sa Diyos sa tipan, na nauunawaan ang Kanyang mga banal at walang-hanggang katothanan—ang Kanyang mga walang-hanggan at lubos na katotohanan na hindi magbabago kailanman. Mga walang-hanggang katotohanang tulad ng, “Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak, upang ang sinumang sa kanya’y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.”

Nakakatuwa na kung minsan dahil palagi nating ginagawa ang mga bagay hanggang sa maging tradisyon na ito, pinapayagan natin ang mga tradisyon o aktibidad na ito na diktahan ang mga pagsisikap natin na manampalataya kay Jesucristo. Tila ginagawa natin ang mga bagay na ito dahil nagawa na natin ito nang maraming taon nang hindi iniisip ang epekto nito sa ating koneksyon sa Tagapagligtas sa tipan.

Sa ating mundo, kadalasa’y nakatuon tayo sa ating ginagawa at sa palagiang pagsasakatuparan ng mga gawain at mithiin. Sa mga espirituwal na bagay may oportunidad tayong gawin ang higit pa sa paggawa lamang ng mga bagay-bagay o pagkakamit ng mga mithiin sa pamamagitan ng pag-unawa kung bakit natin ginagawa ang mga ito. Kung mauunawaan at maikokonekta natin na ang dahilan sa likod ng ating mga ginagawa ay nauugnay sa pagmamahal natin sa Tagapagligtas at sa ating Ama sa Langit, sa pagsasamantala sa mga oportunidad na ito, mauunawaan natin na kahit ang paggawa ng mabuti, tulad ng pagkakaroon ng mga aktibidad o tradisyon sa Simbahan at ang paggawa nito ay mabuti, kapag ikinokonekta natin ito sa “dahilan,” pagpapalain tayong maunawaan ang dahilan. Hindi lamang ito magiging paggawa ng mabubuting bagay o paggawa nito sa tamang paraan; tama rin ang ating dahilan.

Halimbawa, kapag nagtakda kayo ng mithiin na magbasa ng banal na kasulatan, mag-alay ng taos na panalangin, o maghanda ng aktibidad para sa inyong pamilya o ward, ang totoong mithiin ba ay isakatuparan lamang ang mga ga-

to achieve the true goal? Is the purpose merely to hold an activity because we have done it for many years and then check the box that we have completed it? Or, once again, are these the means we use to learn, to feel, and to connect with the Savior?

Please don't misunderstand my point about having activities and traditions or setting goals and working hard to achieve them; there is nothing wrong with this. However, I invite you to open your hearts and minds to the opportunity and blessing of understanding why we do these things and how we practice our religion.

A prime example of Christ-centered traditions is the challenge President Dallin H. Oaks extended to all of us in the name of the First Presidency. President Oaks said: "As we enter this new year, let us prepare for an Easter celebration of the atoning sacrifice of Jesus Christ. ... No matter what others believe or do, we should celebrate the Resurrection of our living Savior by studying His teachings and helping to establish Easter traditions in our society as a whole, especially within our own families." As you can see, it is not just an invitation to have traditions. Instead, we use these traditions as a means to learn more about the Savior and remember His Resurrection.

The more we can connect the reason with our love for the Savior, the more we will be able to receive what we need or are seeking. President Nelson said, "Whatever questions or problems you have, the answer is always found in the life and teachings of Jesus Christ." And then he extended this invitation: "Learn more about His Atonement, His love, His mercy, His doctrine, and His restored gospel of healing and progression. Turn to Him! Follow Him!"

Ponder this in your hearts and minds: Do you believe President Nelson's invitation had the intention of helping us prepare a checklist where

waing ito? O ang mga gawaing ito ba ang paraan, ang mga kasangkapang magagamit ninyo, para makamtan ang tunay na mithiin? Ang layunin ba ay magdaos lamang ng aktibidad dahil nagawa na natin ito nang maraming taon at pagkatapos ay lagyan ng tsek ang box na natapos na natin ito? O, muli, ang mga ito ba ang paraang ginagamit natin para pag-aralan, madama, at makaugnayan ang Tagapagligtas?

Unawain sana ninyo ang sinasabi ko tungkol sa pagkakaroon ng mga aktibidad at tradisyon o pagtatakda ng mga mithiin at pagsisikap na makamtan ang mga ito; walang masama rito. Gayunman, inaanyayahan ko kayong buksan ang inyong puso't isipan sa oportunidad at pagpapalang maunawaan kung bakit natin ginagawa ang mga ito at kung paano natin maipamumuhay ang ating relihiyon.

Ang isang pangunahing halimbawa ng mga tradisyong nakasentro kay Cristo ay ang hamon ni Pangulong Dallin H. Oaks sa ating lahat sa ngalan ng Unang Panguluhan. Sabi ni Pangulong Oaks: "Sa pagpasok ng bagong taon na ito, maghanda tayo para sa pagdiriwang ng nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo sa Easter. ... Anuman ang pinaniniwalaan o ginagawa ng iba, dapat nating ipagdiwang ang Pagkabuhay na Mag-uli ng ating buhay na Tagapagligtas sa pamamagitan ng pag-aaral ng Kanyang mga turo at pagtulong na magtatag ng mga tradisyon sa Easter sa ating buong lipunan, lalo na sa sarili nating pamilya." Tulad ng nakikita ninyo, hindi lamang ito paanyaya na magkaroon ng mga tradisyon. Sa halip, ginagamit natin ang mga tradisyong ito bilang paraan para matuto pa tungkol sa Tagapagligtas at maalala ang Kanyang Pagkabuhay na Muli.

Habang lalo nating naiuugnay ang dahilan sa pagmamahal natin sa Tagapagligtas, lalo nating natatanggap ang ating kailangan o hinahanap. Sabi ni Pangulong Nelson: "Anuman ang mga tanong o problema ninyo, ang sagot ay laging matatagpuan sa buhay at mga turo ni Jesucristo." At nag-anyaya siya: "Pag-aralan pa ang tungkol sa Kanyang Pagbabayad-sala, Kanyang pagmamahal, Kanyang awa, Kanyang doktrina, at Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo ng paggaling at pag-unlad. Bumaling sa Kanya! Sumunod sa Kanya!"

Pagnilayan ito sa inyong puso't isipan: Naniniwala ba kayo na sa paanyaya ni Pangulong Nelson ay nais niyang tulungan tayong maghan-

we will accumulate more knowledge and complete tasks so we can check off his invitation from our to-do lists? Or is he inviting us to consider the aspects of these eternal truths and principles as an opportunity to understand the “why” and connect the Savior’s covenantal love for us with our lifelong discipleship journey?

Let me illustrate the principle that I am trying to convey. One option, which is probably extreme, could be to read all the messages from general conference all at once; then, when I am done, I will check this invitation from my to-do list without doing anything else with what I read. I understand this is an extreme case, but it is not unreal. Probably, many are at some point between this and the ideal.

The invitation is to study and ponder the messages from the general conference and use them to determine and understand what we each can do to improve.

When we accept the invitation, understanding the “why” behind it, we will have more opportunities to become closer to the Savior. We will begin to understand that because I love the Savior, I want to learn more about Him by studying the words of the living prophets. And because I love my fellow man, I will share the teachings of prophets, seers, and revelators with others, starting with my loved ones.

In both examples, you are doing a righteous thing. In one, the goal seems to be using the means that Heavenly Father and the Savior have given us, which are the messages shared during general conference. The second version embraces the profound blessing of gaining insight into the underlying reasons, offering a pathway to understand eternal truth and the blessings promised to all who make the teachings and life of our Savior, Jesus Christ, the focal point of their lives.

Dear brothers and sisters, I hope you can feel and see the importance of connecting our actions with our love for the Savior. In a globalized

da ng checklist para magkaroon tayo ng mas maraming kaalaman at matapos ang maraming gawain upang makitang nagawa na natin ang paanyaya niya mula sa ating mga listahan ng gagawin? O inaanyayahan ba niya tayong isipin ang mga aspekto ng mga walang-hanggang katotohanan at alituntuning ito bilang isang oportunidad na maunawaan ang “dahilan” at iugnay ang pagmamahal sa atin ng Tagapagligtas sa tipan sa ating habambuhay na paglalakbay bilang disipulo?

Hayaan ninyong ilarawan ko ang alituntuning sinisikap kong iparating. Ang isang opsiyon, ay maaaring ang basahin ang lahat ng mga mensahe mula sa pangkalahatang kumperensya, at kapag natapos ko, lalagyan ko ng tsek ang paanyayang ito sa aking listahan ng gagawin nang wala nang iba pang gagawin sa aking nabasa. Nauunawaan ko na matindi ang sitwasyong ito, pero posible ito. Siguro, marami ang nasa pagitan nito at ng ideyal na dapat mangyari.

Ang paanyaya ay pag-aralan at pagnilayan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya at gamitin ang mga ito para tukuyin at unawain ang magagawa ng bawat isa para mas bumuti.

Kapag tinanggap natin ang paanyaya, na inuunawa ang dahilan sa likod nito, magkakaroon tayo ng mas maraming oportunidad na mas mapalapit sa Tagapagligtas. Maiintindihan natin na dahil mahal ko ang Tagapagligtas, gusto kong matuto nang higit pa tungkol sa Kanya sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga salita ng mga buhay na propeta. At dahil mahal ko ang kapwa ko, ibabahagi ko ang mga turo ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag sa iba, simula sa mga mahal ko sa buhay.

Sa dalawang halimbawang ito, ginagawa ninyo ang tama. Sa isa, tila ang mithiin ay gamitin ang paraang ibinigay sa atin ng Ama sa Langit at ng Tagapagligtas, na ibinigay sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensiya. Ang pangalawang bersiyon ay sumasaklaw sa malaking pagpapala na malaman ang mga dahilan sa likod nito, na nagbibigay ng paraan para maunawaan ang walang-hanggang katotohanan at mga pagpapalang ipinangako sa lahat ng tao na itinuon ang kanilang buhay sa mga turo at buhay ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo.

Mahal kong mga kapatid, sana’y madama at makita ninyo ang kahalagahan ng pag-uugnay ng ating mga gawain sa pagmamahal natin sa Tag-

world, many voices will try to influence you and, if possible, lead you to believe that some fundamental truths of the restored gospel of Jesus Christ are unnecessary. These voices start with the essential truth of the need for a restoration in these the last days, including the necessity of having God's kingdom on earth, represented by the restored Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.

You may hear voices insisting that only a personal relationship or understanding with the Savior is sufficient and that religion or the restored Church is unnecessary or nonessential. I invite you to be slow to consider or even be immune to being influenced by these misleading ideas and to be quicker to remember what the Savior has been telling and teaching us since ancient times—beginning with the love of Heavenly Father and Jesus Christ for us and connecting our love for Them as the reason to follow Them.

God the Father and His Son came and spoke with Joseph Smith to restore Jesus Christ's Church and to initiate the dispensation of the fulness of times, His kingdom on earth. Therefore, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints is the means established by Heavenly Father to access covenants that enable us to return home. Thus, we need more than just a personal relationship with Heavenly Father and His Son; we require essential priesthood ordinances through which we make covenants with Them. This provides a covenantal connection with Them and grants us access to Their covenantal love, making it possible to attain the highest kingdom of glory prepared for all those who are true and faithful to their covenants.

With all the energy of my soul, I bear witness to the reality and divinity of our Savior, Jesus Christ. He loves you. He knows what is happening in your life. His arms are wide open, extending the invitation "Come unto me, ... and I will give you rest."

apagligtas. Sa globalisadong mundo, maraming tinig ang susubukang maimpluwensyahan kayo at, kung maaari, ay paniwalain kayo na hindi na kailangan ang ilang mahahalagang katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Ang mga tinig na ito ay nagsisimula sa mahalagang katotohanan tungkol sa pangangailangan ng pagpapanumbalik sa mga huling araw na ito, kabilang na ang pangangailangang magkaroon ng kaharian ng Diyos sa lupa, na kinakatawan ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Maaari kayong makarinig ng mga tinig naiginigiit na ang personal na kaugnayan o pag-unawa lamang sa Tagapagligtas ay sapat na at na ang relihiyon o ipinanumbalik na Simbahan ay hindi kailangan o hindi mahalaga. Inaanyayahan ko kayo na magdahan-dahan sa pag-iisip o huwag magpaapekto sa impluwensya ng mapanlinlang na mga ideyang ito at maging mas mabilis na maalala ang matagal nang sinasabi at itinuturo sa atin ng Tagapagligtas mula pa noong sinaunang panahon—simula sa pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo para sa atin at pag-uugnay ng pagmamahal natin sa Kanila bilang dahilan para sundin Sila.

Pumarito ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak at kinausap si Joseph Smith para ipanumbalik ang Simbahan ni Jesucristo at pasimulan ang dispensasyon ng kaganapan ng panahon, ang Kanyang kaharian sa lupa. Samakatwid, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang paraang itinatag ng Ama sa Langit para ma-access ang mga tipan na nagbibigay-daan para makabalik tayo sa Kanya. Kaya, kailangan natin ng higit pa sa personal na relasyon sa Ama sa Langit at sa Kanyang Anak; kailangan natin ang mahahalagang ordenansa ng priesthood para makipagtipan sa Kanila. Naglalaan ito ng kaugnayan sa Kanila sa tipan at binibigyan tayo ng access sa Kanilang pagmamahal sa tipan, kaya posibleng matamo ang pinakamataas na kaharian ng kaluwalhatian na inihanda para sa mga tunay at tapat sa kanilang mga tipan.

Pinatotohanan ko nang buong lakas ng aking kaluluwa ang katotohanan at kabanalan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Mahal Niya kayo. Alam Niya ang nangyayari sa inyong buhay. Nakaunat ang Kanyang mga bisig, nag-aanyaya na "Lumapit kayo sa akin, ... at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan."

I love the Savior, and my love for Him is my
“why.” In the name of Jesus Christ, amen.

Mahal ko ang Tagapagligtas, at ang pag-
mamahal ko sa Kanya ang aking “dahilan.” Sa
pangalan ni Jesucristo, amen.